

Noong 1 Enero 2015, kami ay naging ang Kagawaran ng Kapaligiran, Lupa, Tubig at Pagpaplano (Department of Environment, Land, Water and Planning DELWP).

Pinagsasama-sama ng DELWP ang pagpaplano ng Victoria, lokal na pamahalaan, kapaligiran, enerhiya, pagpapaunlad ng panirahang lugar sa labas ng lungsod (suburbs), mga kagubatan, pangangasiwa ng emerhensiya, pagbabago ng klima at mga gamit ng tubig sa iisang kagawaran upang palakasin ang mga kaugnayan sa pagitan ng kapaligiran, komunidad, industriya at ekonomiya.

Ang hamon sa amin ay mapanatili ang pagiging kaaya-ayang manirahan sa Victoria na may populasyon na inaasahang magiging halos doble sa 2050, habang tumutugon sa pagbabago ng klima at nangangalaga sa ating mga likas na kapaligiran, mga imprastraktura at mga pamana para sa mga henerasyon sa hinaharap.

## Mga kinalabasan ng ating pampublikong pinahahalagahan (value)

Ang walong mga kinalabasan ng pampublikong pinahahalagahan ng DELWP ay nagtatakda ng aming pagtutuunan ng pansin at pangunahing mga direksyon.

Kabilang dito ang aming kontribusyon sa mga katuwang na layunin ng pamahalaan sa pakikipagtulungan sa iba pang mahahalagang kagawaran at mga ahensya:

- Serong emisyon (zero emission), ekonomiyang handa sa klima at komunidad
- Malusog, matatag (resilient) at biodiverse na kapaligiran
- Mga serbisyo sa enerhiya na maaasahan, mabisa, naa-access, ligtas at likas-kaya
- Produktibo at epektibong pamamahala ng lupa
- Ligtas at likas-kayang mga pagkukunan ng tubig
- Isang kapaligirang binuo nang may kalidad
- Likas-kaya at epektibong mga lokal na pamahalaan
- Nabawasang epekto ng malalaking bushfire at iba pang mga emerhensiya sa mga tao, ari-arian, at kapaligiran.

Ang DELWP ay nakikipagtulungan sa isang hanay ng mga organisasyon, mga samahan sa industriya, mga surian (institute) ng patakaran, at mga pamantasan. Kabilang sa mga relasyong ito ang pananaliksik, pagbuo ng mga patakaran, pagpapatupad ng programa at pondong suporta.

# Ang ginagawa namin

Itinatag namin ang patnubay para sa DELWP sa pamamagitan ng DELWP 2020, ang aming istrategikong balangkas, at ang mga piniling pinahahalagahan na Pagtutulungan (Teamwork), Kagalingan at Kaligtasan, Pagmamay-ari at Kahusayan ng Serbisyo.

Upang matiyak na maihahatid namin ang aming mga serbisyo sa pinakamainam na paraan para sa lahat ng mga taga-Victoria, kami ay nagtatatag ng isang positibong kultura ng organisasyon na nagbubunsod sa mataas na paggampan sa pamamagitan ng matatag na pamumuno, pagkakaiba-iba (diversity), kolaborasyon, pagbabago (innovation) at pagpapaunlad ng sambayanan – ang pagiging isang magkakaiba (diverse) at pinagsama-samang (inclusive) samahan ay nagbibigay-kakayahan sa amin upang matuto mula sa isa't isa, nagpapalago ng aming pag-unawa at nakakahanap ng mga bagong paraan ng paghahatid ng mga resulta.

## Ang aming adhikain at mga alituntunin

Ang aming adhikain para sa pagkakaiba-iba (diversity) at pagsasama-sama (inclusion) ay isang kultura sa lugar ng trabaho na tumatanggap sa mga pagkakaiba-iba ng bawat indibidwal sa lahat ng anyo nito at naghihikayat ng pagbabago (innovation) at pagsasama (inclusion). Maisasabuhay natin ang ating pinahahalagahang pagkakaiba-iba at pagsasama kapag maluwalhating tinatanggap ng ating kapwa-tao ang sumusunod na mga alituntunin:

- Pakinabangan ang mga karanasan at ideya ng iba
- Yakapin ang iba't ibang mga pananaw
- Iparamdam na sila ay kabilang at ipaalam na sila ay natatangi
- Pinahahalagahan ang ambag
- May magkakapantay na oportunidad sa lugar ng trabaho
- Mabisang maki-ugnay sa aming iba't ibang mga kostumer at
- Nauunawaan ng mga komunidad ang kanilang mga pangangailangan



Kung kailangan mo ng tulong, kontakin lamang ang Serbisyo ng Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete (TIS) para sa tulong sa pagsasaling-wika at pag-iinterprete. Kontakin ang TIS National sa 131 450. (sa loob ng Australya) o bisitahin ang [www.tisnational.gov.au](http://www.tisnational.gov.au)